# Pahayag ukol sa mga dinastiyang politikal at sa House Bill 6771

Ika-24 ng Pebrero 2026

Halos apat na dekada mula ipatupad ang Konstitusyon ng 1987, wala pa ring batas na nagbabawal sa mga dinastiyang politikal. Ito ang dahilan kung bakit namamayagpag ang mga makapangyarihang pamilya sa ating lipunan. Dala ng sistemang ito ang walang habas na korupsiyon, hindi pagkakapantay-pantay, at matinding kahirapan. Samantala, nananatiling walang kapangyarihan ang karaniwang mamamayan.

May panukalang batas – ang House Bill 6771 -- na diumano'y tutugon sa isyung ito. Pero sa aming pagsusuri sa mga probisyon, nakita naming kulang na kulang ito kung ihahambing sa malinaw na layunin ng ating Konstitusyon. Pinapayagan pa rin ng panukala ang succession, switching, substitution, at rotation sa mga magkakamag-anak. Ang mga magkakapamilya at maaari pa ring maihalal sa posisyon sa iba't ibang antas ng pamahalaan, sa iba't ibang election cycle. Lalong mapapanatili nito ang monopolya sa politikal na kapangyarihan ng iilang pamilya sa ating bayan.

Taliwas sa sinasabi ng mga nagtutulak at pumupuri dito, ang House Bill 6771 ay isang panukalang nagsusulong pa rin sa dinastiyang politikal.

Ang dinastiya ay hindi lamang isyu ng pakikilahok ng mga miyembro ng pamilya sa politika. Isa itong suliraning institusyonal, dahil ang impluwensiya nitong mga pamilyang ito ay tumatawid mula sa gobyerno hanggang sa ibang larangan. Halimbawa, kontrolado rin ng mga dinastiya ang ekonomiya sa kanilang lugar, dahil hawak nila ang mga prangkisa at permit; may mga personal rin silang negosyo at ibang interes na napapaburan ng sarili nilang mga desisyon.

Tandaan sana: hindi titulo o ari-ariang naipamamana ang katungkulan sa pamahalaan. Ang pagiging lingkod-bayan ay galing sa tiwalang ibinigay ng mamamayan, na dapat gamitin lamang para sa kabutihan ng nakararami.

Bunga ng malawakang pagsangguni at mga konsultasyon kasama ng mga negosyante, civil society groups, at iba pang may malasakit sa mga pagpapabuti nang katarungan, nakabuo kami ng sumusunod na pamantayan para sa tunay, makatao, at makatarungan Anti-Political Dynasty Law:

- Ipinagbabawal nito ang mga kamag-anak hanggang sa fourth civil degree of consanguinity o affinity na tumakbo o humawak ng inihalal na posisyon nang magkasabay o magkasunod. Mananaig dapat ang “one local, one national” representation principle. Samantala, kung wala namang kaanak na nagsisilbi o tumatakbo sa pambansang antas, maaring tumakbo o humawak ng lokal na posisyon ang hanggang dalawang magkaanak basta’t walang overlap ang kanilang mga hurisdiksiyon.

- Lubos na ipinagbabawal ang substitution, rotation, at position-switching sa mga apektadong kaanak na magtatangkang lusutan ang mga term limit;

- Magkakaroon ng mandatory cooling off period na katumbas ng isang buong electoral cycle para sa mga opisyal at kanilang mga kaanak, para maiwasan ang pagtakbo para sa parehong posisyon sa magkasunod na eleksiyon. Itong cooling-off period ay pipigil sa magkakasunod na paghawak ng posisyon ng iisang pamilya, habang pinapayagan naman ang mga karapatdapat na miyembro na tumakbo para sa ibang posisyon, alinsunod sa “one local, one national” na prinsipiyo ng representasyon.

Sakaling hindi makapagpasa ang ating Kongreso ng tunay at makabuluhang batas kontra-dinastiya, nananawagan kami sa taumbayan na gamitin ang ating karapatang maghain ng panukala gamit ang People’s Initiative. Sa pamamagitan ng Philippine Identification System (R.A. 11055), maaari nang gawin ito sa pamamaraang digital, gamit ang unique QR codes, biometrics, at specimen signature para masiguro ang voter identity sa ligtas na paraan.

Sa huli, ang laban sa dinastiya ay laban sa korupsiyon. Dapat nang wakasan ang mga dinastiyang pulitikal upang makaalpas na ang ating bayan mula sa tanikala ng korupsiyon. Galing -- hindi ang sikat na pangalan-- ang dapat masunod kung sino ang karapat-dapat na maglingkod sa mamamayang Pilipino.

1. Justice Reform Initiative (JRI)
2. Advocates for National Interest (ANI)
3. Alumni Association of AIM (AAAIM)
4. Alyansa ng Nagkakaisang Mamamayan (ANIM)
5. Association of Certified Public Accountants in Public Practice (ACPAPP)
6. Association of Christian Schools, Colleges and Universities (ACSCU)
7. Bukluran ng Mangagawang Pilipino (BMP)
8. Catholic Educational Association of the Philippines (CEAP)
9. Coordinating Council of Private Educational Associations, Inc. (COCOPEA)
10. De La Salle Brothers, Inc. (DLSBI)
11. De La Salle Philippines (DLSP)
12. Energy Lawyers Association of the Philippines (ELAP)
13. FEU Public Policy Center

14. Financial Executives Institute of the Philippines (FINEX)
15. GoodGovPH
16. Hiraya
17. Iloilo Economic Development Foundation (ILEDF)
18. Institute for Solidarity in Asia (ISA)
19. Institute of Corporate Directors (ICD)
20. Institute of Philippine Real Estate Appraisers (IPREA)
21. Kaisa Para Sa Kaunlaran, Inc.
22. Kilos Lagunense
23. Kontra Dinastiya
24. Makati Business Club (MBC)
25. Management Association of the Philippines (MAP)
26. Military Uniformed Personnel (MUP 4 United PH)
27. Move as One Coallition
28. Movement for Restoration of Peace & Order (MRPO)
29. Parish Pastoral Council for Responsible Voting (PPCRV)
30. Partido Lakas ng Masa (PLM)
31. Philippine Association of Colleges and Universities (PACU)
32. Philippine Association of Private Schools, Colleges and Universities (PAPSCU)
33. Philippine Chamber of Commerce and Industry (PCCI)
34. Philippine Institute of Arbitrators (PIArb)
35. Philippine Institute of Certified Public Accountants (PICPA)
36. Sanlakas
37. Seniors on the Move
38. Shareholders' Association of the Philippines (SharePHIL)
39. Unified TVET of the Philippines, Inc. (UniTVET)
40. UP Engineering Research & Development Foundation, Inc. (UPERDFI)
41. Women for Action Towards Reform (AWARE)